Pagre-recruit ng mga Estudyante para sa 2027

名古屋市

Nais mo bang mag-aral sa panggabing paaralan kasama kami?

# Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya



Para sa mga prospektibong estudyante

## Gaganapin ang isang sesyon tungkol sa impormasyon ng paaralan!

**Tinatanggap din ang mga indibidwal na konsultasyon pagkatapos ng sesyon.**

### Mga Petsa at Oras

**Sesyon 1** — **Setyembre 18, 2026 (Biy.)**
Magsisimula ng 5:30 PM (Reception: 5:00 PM)

**Sesyon 2** — **Oktubre 3, 2026 (Sab.)**
Magsisimula ng 2:00 PM (Reception: 1:30 PM)

**Sesyon 3** — **Oktubre 22, 2026 (Huw.)**
Magsisimula ng 5:30 PM (Reception: 5:00 PM)

Puwede ka ring mag-obserba ng klase sa ika-1 at ika-3 sesyon

### Available din ang mga trial lesson.

**Nobyembre 11 (Miy.) – 13 (Biy.), 2026**

**5:00 PM – 9:00 PM**

Kung gusto mong sumali sa mga trial lesson, tumawag sa Nagoyaka Junior High School.


### Lugar

**Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya**
(Meieki 4-19-1, Nakamura Ward, Lungsod ng Nagoya)

<Subway ng Munisipyo>
3 minutong paglalakad mula sa Istasyon ng Kokusai Center
10 minutong paglalakad mula sa Istasyon ng Nagoya

Mangyaring gumamit ng pampublikong transportasyon.

Kung gusto mong makilahok, mangyaring mag-apply nang maaga.




**Makipag-ugnayan sa amin** Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya (Panggabing Paaralan)

| Telepono | Email |
|---|---|
| 052-583-1511 (Lunes hanggang Biyernes 1:30 PM – 8:30 PM) | nagoyaka-j@nagoya-c.ed.jp |

Nasa likod ang pamamaraan ng aplikasyon.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bisitahin ang opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya. Sumusuporta ito sa maraming wika.

Nagoya yakan chugaku



# Mga Layunin sa Edukasyon ng Paaralan

## Tanggapin ang Isa't Isa at Mamuhay nang Masaya Bilang Kung Sino Talaga Tayo



Nilalayon ng Nagoyaka Junior High School na maging isang paaralang nakasentro sa mga estudyante kung saan iginagalang ang pagkakaiba-iba, pinahahalagahan ang bawat indibidwal, at maaaring matuto ang bawat isa sa ligtas at mapagkalingang kapaligiran.

## Mga puwedeng mag-enrol sa Panggabing Junior High School

**Ang mga nakalampas na sa edad ng kompulsibong edukasyon (15 taong gulang na) at nakakatugon sa alinman sa mga kondisyong nakasaad sa kanan ay maaaring magpatala sa paaralan.**

* Mga Residente ng Lungsod ng Nagoya o mga kasapi nitong munisipalidad

- Mga hindi nakapagtapos ng kompulsibong edukasyon dahil sa iba't ibang kadahilanan
- Mga banyaga na hindi nakapagtapos ng kompulsibong edukasyon sa kanilang pinagmulang bansa
- Mga hindi nakatanggap ng sapat na kompulsibong edukasyon dahil sa iba't ibang kalagayan, tulad ng pagtangging pumasok sa paaralan

* "Kompulsibong edukasyon" ay tumutukoy sa kurikulum ng edukasyon na katumbas ng elementarya at junior high school sa Japan.

## Ganito ang Panggabing Junior High School

Video ng Pagpapakilala sa Paaralan

- May limang araw na klase sa isang linggo.
- Itinuturo ang lahat ng subject ng junior high school.
  (Japanese, araling panlipunan, matematika, agham, English, musika, sining, edukasyong pangkatawan at pangkalusugan, teknolohiya at ekonomiyang pantahanan, atbp.)
- Nagbibigay rin kami ng suporta para sa mga estudyanteng nag-aaral ng wikang hapon.
  *Maaari ka ring mag-aral ng wikang Hapon bago magsimula ang mga klase.
- Ang mga klase ay itinuturo ng mga lisensyadong guro.
- Sa pagtatapos, makakatanggap ka ng diploma sa junior high school.
- Libre ang matrikula , at ang mga aklat-aralin ay ipinamamahagi nang walang bayad.
- Available ang mga pananghalian sa paaralan.
  Maaari ka ring magbaon ng sarili mong pananghalian.
- Maaari ka ring magsimula bilang mag-aaral sa ikalawa o ikatlong taon.

## Pangkaraniwang araw ng Panggabing Junior High School

| | |
|---|---|
| 5:30 PM – 5:35 PM | Homeroom |
| 5:35 PM – 6:15 PM | Unang period (40 minuto) |
| 6:15 PM – 6:40 PM | Mga break at pananghalian sa paaralan |
| 6:40 PM – 7:20 PM | Pangalawang period (40 minuto) |
| 7:25 PM – 8:05 PM | Pangatlong period (40 minuto) |
| 8:10 PM – 8:50 PM | Pang-apat na period (40 minuto) |
| 8:50 PM – 9:00 PM | Homeroom |

## Proseso ng Pagpapaenrol

Mangyaring huwag mag-atubiling tawagan kami.

1. **Dumalo sa sesyon tungkol sa impormasyon ng paaralan**
   * Available rin ang mga trial lesson.
2. **Magsumite ng application form**
   (Magsisimula ang pagtanggap ng aplikasyon mula Setyembre 2026 patuloy)
3. **Indibidwal na panayam**
   * Kumpirmasyon ng mga kinakailangan sa admisyon, atbp.
4. **Desisyon sa pagpasok**
   (Naka-iskedyul para sa Enero 2027)
5. **Oryentasyon sa pagpapaenrol**
   (Nakaiskedyul sa huling bahagi ng Pebrero 2027)

## Aplikasyon para sa sesyon tungkol sa impormasyon ng paaralan

Huwag mag-atubiling makilahok kung interesado ka o gusto mong mag-enrol sa panggabing junior high school.

**Mangyaring mag-apply nang hindi bababa sa tatlong araw bago ang bawat petsa ng sesyon.**

### Mag-apply online

**Application form sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya**

* I-scan ang QR code sa kanan at ilagay ang kinakailangang impormasyon.

### Mag-apply sa pamamagitan ng email, koreo, o telepono

| | |
|---|---|
| Email | nagoyaka-j@nagoya-c.ed.jp |
| Koreo | 〒450-0002<br>Nagoyaka Junior High School ng Lungsod ng Nagoya 4-19-1 Meieki, Nakamura Ward, Lungsod ng Nagoya |
| Telepono | 052-583-1511 (Lunes hanggang Biyernes 1:30 PM – 8:30 PM) |

Gupitin dito (Hindi mo kailangang gamitin ang form na ito.)

**Kinakailangang impormasyon**

| | | |
|---|---|---|
| Piniling petsa: (DD/MM) | Pangalan: | Numero ng telepono: |
| Edad: (taong gulang) | Address: (City / Town / Village) | Gusto mo bang makatanggap ng indibidwal na konsultasyon? ☐ Oo / ☐ Hindi |
| ☐ Aplikante / ☐ Guardian ng Aplikante / ☐ Iba pa ( ) | | |
| Bilang ng makikilahok: (mga) tao | (Mga) wika na ginagamit sa pang-araw-araw na buhay: | |

Dapat pong punan ang form gamit ang alpabetong Romano.